# 1

Pinunasan ni Gwen ang basang pisngi at ibinato ang basang tissue sa wastebasket matapos makarinig ng katok sa pinto ng kanyang silid.

"Tuloy."

Maingat na bumukas ang pinto. Iniluwa niyon ang kanyang ina na si Amelia.

Malungkot na tiningnan nito ang anak.

Namumula at namamaga na ang kanyang mga mata dahil sa kaiiyak. Pati ilong niya ang ganoon din. Magulo ang kanyang buhok at ang damit ay noong isang araw pa suot. Nagusot ang ilong ng ginang. Dalawang araw nang hindi naliligo ang dalaga.

Nasa kama niya ang dalawang box ng *Kleenex* at sinisimulan na niyang gamitin ang pangatlo. Sa gilid ng higaan ay ang wastebasket na nangangalahati na ng laman na pulos soiled tissue paper.

"Anak…"

"Pabayaan n'yo muna ako, 'Mang," sumisinghot niyang pakiusap sa ina.

Bumuntong-hininga si Aling Amelia. “Ikaw ang bahala. Basta kung may kailangan ka, naroon lang ako sa ibaba.”

Pinilit niyang ngumiti. “Salamat, ’Mang.”

Nang makalabas ang ina ay pumatak ang luhang kanina pa pinipigilan ni Gwen. Hindi na niya tinangkang kumuha ng tissue. Hinayaan niyang umagos ang luha sa kanyang mga pisngi.

Dalawang araw na ang nakakaraan mula nang makansela ang mahalagang okasyon na magbubuklod sana sa kanila ni Oliver. Tinawagan na nila ang mga kamag-anak at mga kaibigang naimbita sa kasal. Ang mga nakatira sa malayong lugar ay pinadalhan na nila ng mensahe through electronic mail.

Na-refund din ang kalahati ng bayad sa wedding coordinator. Mabuti na lamang at may dalawang linggo pa bago ang takdang araw ng kasal kaya hindi pa naihahanda ang lahat ng detalye para sa okasyong iyon.

Kung sa pinansyal lamang ay wala namang gaanong damages na nagawa kay Gwen at sa kanyang pamilya. Si Oliver halos ang sumagot ng mga gastusin.

Ito rin ang nag-anunsyong hindi na matutuloy ang kasal. Sinabi nitong hindi pa sila handang dalawa.

Muling napaiyak ang dalaga.

Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi niya matanggap ang dahilan ni Oliver....

*"Bakit?" tanong niya nang araw na sabihin nitong hindi na matutuloy ang kasal. Itinanong niya iyon sa pinakamahinahon niyang tinig. "May ginawa ba akong mali?"*

*Nakayukong umiling si Oliver. "Wala. Wala kang ginawang mali, Gwen."*

*Huminga siya nang malalim. She wanted to be as calm as possible. "Ano'ng dahilan? Ibang babae ba?"*

*Umiling lang muli ang nobyo.*

*"Ano'ng dahilan?" ulit niya. Unti-unting nag-uumapaw ang frustration. "Bigyan mo ako ng dahilan!"*

*Pero walang maisagot ang binata. Nanatili lang itong nakayuko.*

*Gusto niyang sampalin si Oliver. Gusto rin niyang saktan, pilitin itong magsalita. Pero nanatili siyang*

*nakatayo lang.*

*Pagkaraan ng mahabang katahimikan, itinanong niya ang bagay na kinatatakutan niyang ungkatin noon pa man.*

*"Mahal mo ba ako?"*

*Sa pagkakataong iyon, derecho siyang tiningnan nito. "Hindi nagbago ang damdamin ko para sa 'yo, Gwen. Pero hindi ko alam kung mahal kita."*

Hindi na nito kailangan pang linawin ang sinabi. Sunud-sunod na pumatak ang luha sa magkabilang pisngi niya. Hanggang ngayon ay naririnig pa rin niya ang mga salitang iyon.

Gusto niyang magalit. Gusto niyang sumbatan si Oliver. Niloko siya nito, maging ang mga tao na nakakaalam na nagmamahalan sila.

Isang taon na ang relationship nila. Nagsimula ang lahat nang um-attend siya ng seminar sa Baguio. Nakagrupo niya ang binata sa isang training. Sa umpisa ay tuksuhan lang ang nangyari. Hindi niya ini-expect na liligawan talaga siya ni Oliver. But he proved her wrong nang bago matapos ang seminar ay kunin nito ang contact number niya. Pag-uwi niya ng Manila, tumawag kaagad ito sa kanilang opisina. It was a whirlwind courtship. Pagkaraan ng isang

buwan ay sinagot na niya ito.

Smooth-sailing ang relationship nila bagaman ang mga unang buwan ay adjustment period.

May pagkaagresibo ang nobyo at kahit liberal si Gwen ay conservative pa rin ang pananaw niya pagdating sa pre-marital sex.

Iyon ang bagay na madalas nilang pag-awayan na nareresolba rin naman pagkaraan.

Ang lagi niyang sinasabi rito ay saka na ang pagtatalik kapag kasal na sila. At ang bagay na iyon ay palaging ikinayayamot ng kasintahan. Kaya nang bigla siya nitong alukin ng kasal ay mixed emotions ang naramdaman niya.

Pero heto at ilang linggo na lang at kasal na ay bigla itong umurong.

Hindi pa siya nakakagawa ng consoling words para sa sarili, may kumatok na ulit sa pinto ng kanyang kuwarto. Naulinigan niya ang boses ni Gil, ang bunso at nag-iisa niyang kapatid.

“Ate Gwen, nasa ibaba si Cherry, kausap si Mamang. Sasabihin ko bang wala ka?”

Iyon ang sinabi niyang dahilan kung sakaling may maghanap sa kanya. Sa ganoon ay makakaligtas

siya sa mapang-usisang tanong ng mga tao.

Kaagad siyang kumuha ng tissue at pinunasan ang basang mga pisngi. Si Cherry ang best friend niya. Dapat ay nasa Baguio ito dahil sa seminar pero hindi na siya nagtaka. Siguradong tinawagan ito ng kanyang ina.

Hindi pa man niya nasasabi sa kapatid na paakyatin ang bisita ay walang babalang bumukas na ang pinto.

"My gosh, Gwendolyn! Tingnan mo nga ang sarili mo! Mukha kang bilasang isda," puna ni Cherry.

Suminga siya sa hawak na tissue. "Salamat sa emotional support."

Dumerecho ito sa kama at umupo.

"Hindi mo naman siguro ini-expect na maniniwala ako sa dahilan mo na nagbakasyon ka sa Tagaytay." Umiling-iling ito. "No, my friend. Pinagsisinungaling mo pa ang mamang mo."

"Mabuti na ang umiiwas. Ayokong ulanin ng mga tanong ng sinumang bisita."

"Except me, of course." Matiim siyang tiningnan nito. "Ano'ng ginawa mo sa maganda kong best friend? Tumingin ka na ba sa salamin?" tangka

nitong pagbibiro.

Inirapan niya ito. “Ano’ng aasahan mo?”

“Ang inaasahan kong makita ay isang malungkot na babae. Hindi isang iyakin na para bang naubusan na siya ng lalaki,” pakli ni Cherry.

Sinulyapan niya ito saka lumabi. “Ang sakit mo namang magsalita.”

“Saka bakit ka ba umaarte ng ganyan?” nakasimangot na sabi nito. “Pagkatapos mong ipurnada ang pagiging maid of honor ko.”

“Sorry, ha?” sarkastiko niyang sabi, sabay singhot. “Hindi ko naman gusto ang nangyari.”

Tumaas ang kilay ng kaibigan. “Anong hindi ginusto? Ang sinabi nila ay kayong dalawa ang nagdesisyon na hindi ituloy ang kasal.”

“Iyon lang ang pinalabas namin,” sumisinghot niyang sabi. “Pero ang totoo, si Ver ang talagang umatras.”

Ikinuwento ni Gwen kay Cherry ang lahat ng pinag-usapan nila ni Oliver. Nang matapos siya ay muling dumaloy ang masaganang luha sa kanyang mga pisngi.

Hinagod nito ang kanyang buhok. “O, tama na ang iyak.” Saka siya mahigpit na niyakap.

Nang maghiwalay sila, pareho nang basa ng luha ang kanilang mga pisngi.

“Tingnan mo, pati tuloy ako’y naiyak na rin.” Nakikuha ito ng tissue sa *Kleenex* box niya. “Ano’ng balak mo ngayon?”

“Hindi ko pa alam.” Suminghot siya. “Pero hindi ko rin alam kung kakayanin ko nang wala siya, Cher.”

“Gaga!” pabirong singhal nito. “Siyempre kakayanin mo, ‘no! Alangan namang magpakamatay ka. Kalimutan mo na siya, Gwen. He’s not worth it.”

“Hindi naman gan’on kadali ‘yon.” Muli, nakaramdam siya ng kirot sa kanyang dibdib. “Gusto ko siyang kausapin, Cher. Sandali lang kaming nagkausap noon. Gusto kong malinawan ang lahat sa pagitan naming dalawa.”

“Gustong malinawan o gustong maghabol?” usig nito. “Gwen, di ba sabi nga nila, fight only if there is worth fighting for? Eh, paano kung wala?”

Pero tila hindi narinig ni Gwen ang huling sinabi ng kaibigan.

“That’s it, Cherry! Kailangan kong ipaglaban si

Oliver!"

Hinawakan pa niya ito sa magkabilang balikat to emphasize her point. "Baka confused lang siya nang mga oras na 'yon? Baka naman kinakabahan lang siya? Baka epekto lang iyon ng tension dala ng kasal namin?"

Umiling ito. "Gwen, I don't think—"

"Ibabalik ko siya sa 'kin," puno ng determinasyon ang boses na hayag niya. "And you're going to help me, Cher."

Nakangiwing itinuro nito ang sarili. "Ako?"

Tumango siya. "Ikaw nga."

# 2

Napasimangot si Cherry nang humarap sa salamin at makita ang hitsura roon. Halos lumuwa na ang cleavage nito sa suot na fuschia dress.

Asar na nilingon nito ang kaibigan. “Hindi ba masyadong revealing ang damit na ito, Gwendolyn?”

“Hindi,” sagot niya. Humakbang siya palayo upang bistahan ang kaibigan. Inangat pa niya ang kamay na animo’y kumukuha ng magandang anggulo.

“Bakit ba naman kasi ako pa ang magsusuot nito?” reklamo ni Cherry. “Saka bakit ang liit nitong sapatos ko? Ang sikip-sikip, hindi makahinga ang paa ko.”

“Okay na ‘yan. Iyan lang ang stiletto ko. Hayaan mo kapag natapos ang misyon natin ngayon, ibibili kita ng bagong sapatos.”

Kumislap ang mga mata ni Cherry. “Sinabi mo ‘yan, ha! Tatandaan ko.”

Lumabi si Gwen. Nang masigurong ayos na ang hitsura ni Cherry ay ang sarili naman ang inasikaso

niya.

Taliwas sa attire ng best friend, nakasuot si Gwen ng white long-sleeved shirt na napapatungan ng itim na chaleco at tinernuhan niya iyon ng black slacks. Nagsuot siya ng vest para hindi mahalata ang kanyang dibdib. Ang maikli niyang buhok ay nilagyan niya ng maraming gel at inayos upang magmukhang panlalaki. Mayroon din siyang pekeng moustache.

Mabuti na lang at hindi binawi ni Oliver ang passes para sa welcome at despedida party ng bosses nito. Kapag nangyari iyon, hindi makakapasok si Cherry.

"Puwede na ba?" tanong niya sa kaibigan na taas-kilay siyang pinapanood.

"Ang weird ng plano mo. Bakit kailangan mo pang magpanggap na waiter?"

"Para mabantayan kita at para hindi ako makilala ni Oliver," katuwiran niya.

"At ako hindi?" anitong sambakol ang mukha.

"He's not good at remembering someone's face. Saka sa ganda mong iyan ngayon, ewan ko lang kung makilala ka niya." Nagkibit-balikat pa siya.

Umirap ito. "Binola mo pa ako. Paano nga kung makilala ako ng ex mo?"

"Basta diskartehan mo na lang. Magaling ka naman sa gan'on, di ba?" Kinindatan niya ito. Muli siya nitong inirapan.

"Okay. Alam mo na ang plano, di ba?" Nang tumango ito, tumikhim siya at pinalaki ang boses. "Shall we go, Madame?"

Bumungisngis ang kaibigan. Umabrisiete ito sa kanya at sabay silang lumabas ng kuwarto ni Gwen upang pumunta sa party.

---

"Is everything ready? Where is Hector? Wala pa rin siya? Goodness! I told him to be here at eight!"

Nangingiting tiningnan ni Brandon si Doña Amada na palakad-lakad sa gitna ng living room ng penthouse.

"I'd better call him. Just make sure everything's all right."

"Breathe, Ma," he chuckled. "Masyado ninyong pini-pressure ang sarili ninyo."

"Paanong hindi?" ani Doña Amada matapos

ibaba ang cordless phone. “I told him to be here early. Maghihintay ang mga empleyado…”

“We’re making sure that they’re having a good time.” Tumayo si Brandon at nagtungo sa likuran ng ina. Marahan niyang minasahe ang sentido nito. “I’m sure they could wait.”

“Perhaps. Ang inaalala ko lang talaga ay ang early flight bukas. Ang papa mo, kung kailan naman ooperahan na…”

“Let him do what he wants. Nagpapatanggal lang iyon ng nerbyos.”

“Hmm… At ikaw ay hindi?” Nasa himig nito ang panunukso.

“I was never nervous,” amused niyang tugon.

“Then why the two shots of wine?” hamon ng ginang.

“Just warming up.” He straightened his back. “Susunod na ako kay Bea sa ibaba. Sigurado akong hindi kayo bababa nang wala ang inyong esposo.”

Umungol ito at itinaas ang kamay. Inabot niya iyon at magaang na kinintalan ng halik.

Ginamit niya ang elevator ng penthouse at

pinindot ang button para sa eighth floor. Hindi muna siya tutuloy sa function hall kundi sa disco bar na nasa loob ng building.

Isa iyon sa mga incentives na ibinibigay ng kompanya. Combination iyon ng KTV, disco at bar kung saan puwedeng magliwaliw ang mga empleyado after office hours.

Walang tao sa loob sa disco bar nang pumasok siya. Marahil ay nasa ibaba ang lahat ng mga empleyado.

Lalabas na sana siya nang pumasok sa loob ang isang waiter. Sinenyasan niya ito.

“Whiskey on the rocks.”

Alanganing lumapit ang waiter. “Sir?”

Inulit niya ang order, pagkuwa’y tumayo at nagtungo sa men’s room. Pagbalik niya ay nasa counter na ang isang baso ng alak.

Kumunot ang noo ni Brandon nang malasahan iyon. “Martini ito.”

Namutla ang waiter. “Sandali lang po, Sir.” At naghalungkat ito sa mga alak na naroon sa estante. Mayamaya ay natagpuan na nito ang bote ng whiskey at muli siyang ipinagsalin.

Kinuha niya ang baso at matiim na tiningnan ang waiter. Nakasuot ito ng long-sleeved polo at chaleco. Medyo mahaba kaysa karaniwan ang buhok na naka-gel pataas. Mukha itong nagulat nang makita siya kanina.

"Bago ka ba dito?" Hindi pa rin nawawala ang kunot sa noo ng binata.

"Yes—" Tumikhim ito. "Yes, Sir."

"Ano'ng pangalan mo?"

"Gwen—I mean... Glen, Sir. Glen," nagkakandabulol na sagot nito.

"Huwag kang nerbyusin. Hindi ako nangangagat," biro niya.

Alanganing ngumiti ang waiter. At hindi maintindihan ni Brandon kung bakit napako ang mga mata niya sa labi nito.

He had small lips, nice and rosy. Tila isang bulaklak.

Naipilig niya ang ulo. Ano ba ang nangyari sa kanya?

"Sir?" alanganing tanong nito. "Ayos lang ba kayo?"

"I'm fine. Nakalimutan mong lagyan ng ice ang baso ko," medyo iritado niyang sabi.

Mabilis na nakakuha ito ng ice cube at inilagay sa baso niya. Muli, hindi nakaligtas sa matalas na mga mata ng binata ang mga kamay nito.

Maliit ang mga iyon at bahagya pang namumula. Such dainty fingers….

Nasuklay ni Brandon ang buhok. What was happening to him?

Nakapikit na tinungga niya ang laman ng baso at padaskol na ibinaba. Pagmulat niya ay ang maamong mukha ng waiter ang nabungaran niya.

"Damn!" Tinabig niya ang baso. Nabasag iyon sa marmol na sahig.

Nahihintakutang umurong ang kaharap. Muli siyang napamura nang makita ang takot sa mga mata nito.

"Sir, bakit ba kayo nagagalit?" takot nitong tanong, his eyes wide with fear. And Brandon couldn't help noting how beautiful those eyes were, how thick the lashes….

"Sh*t!" sigaw niya. What the hell was the matter with him?

Padaskol siyang tumayo at kasimbilis ng kidlat na lumabas ng disco bar. Iniwan niya ang waiter na nakatulala sa likod ng bar counter.

---

"Ano'ng nangyari d'un?" naguguluhang tanong ni Gwen sa sarili nang makalabas ang customer.

*Ang weird,* naisip niya at nagkibit-balikat. *Sayang, guwapo pa naman.*

Kung bakit kasi naligaw siya. Naghiwalay sila kanina ni Cherry sa function hall at naghanap siya ng rest room. Hindi niya alam kung paano siya napunta sa lugar na iyon.

Tutal ay naroon na siya, nakigamit siya ng ladies' room. Napangiwi siya nang mapansing medyo tabingi ang pekeng bigote. Sana ay hindi napansin ng lalaki kanina.

Pagkatapos mag-ayos ay humarap siya sa salamin. Huminga siya nang malalim at itinaas ang kamay, closed fist.

"Kaya mo 'yan, Gwen. Go!"

---

"Where have you been?" takang tanong ni

Beatrice nang biglang sumulpot si Brandon sa likuran nito pagdating niya sa function hall. Malapit sa center stage ang table ng pamilya. Pinagmasdan nito ang kapatid. "What happened to you? You looked petrified!"

"I'm fine, sis." Nang may dumaang waiter na may dalang tray ng mga basong may alak ay awtomatiko siyang kumuha ng isa at mabilis na tinungga iyon.

"Brandon, dear, I think you've had enough," nag-aalalang turan ng kapatid. Kinuha nito ang baso at ibinalik sa tray. Nang akmang kukuha siyang muli ng isa pang baso ay pinaalis na nito ang attendant. "May speech ka pa mamaya. Hindi ka dapat uminom ng marami," sermon nito at inayos ang kanyang necktie.

"I'm all right now, sis." Huminga siya nang malalim. "How do I look?"

"A little red but I guess you're okay." Tiningala siya ng kapatid. "Know what? Dumating si Papa nang basang-basa! Nag-swimming sila nina Tito Romeo before going here. Imagine Mama's surprise and disgust! Naroon sila ngayon sa penthouse at pinagpapalit ng damit ang Papa."

Bahagya siyang natawa. Their father never

failed to amuse them. Kahit matanda na ay kung anu-ano pa ring kapilyuhan ang naiisip nito.

“So, where were you? Ang sinabi ni Mama ay kanina ka pa bumaba sa penthouse.”

“Sa eight—” Muli niyang naalala ang waiter sa disco bar. Muli siyang napamura. Mabuti na lang at mahina, kung hindi ay nasermunan na siya ng nakatatandang kapatid.

“Galing ka sa bar?” taas ang kilay na tanong ni Bea. “No wonder you’re so red!”

But Brandon wasn’t listening. He was busy pondering about the waiter. Hindi niya alam kung paanong nagkaroon ng lalaking ganoon ang hitsura. So slim and delicate….

Ipinilig niya ang ulo. Darn that brat! And damn himself!

Humahanga siya sa mga lalaking inirerespeto sa lipunan, tulad ng ama niya at sa ilang mga self-made businessmen. But that was respect, and admiration for a good man. Hindi tulad ng nararamdaman niya para sa waiter na iyon.

He was fascinated. No, he was mesmerized.

Gusto niyang iumpog ang ulo sa semento.

"Brandon!"

Napakurap siya. "Bea?"

"Ano'ng nangyayari sa'yo?" puno ng pagtataka ang boses ni Beatrice. Saksi ito sa pagpapalit ng ekspresyon ng kapatid.

Nasapo niya ang noo. "Nothing. Too much wine, I guess."

"I don't know," nag-aalangang sabi nito. "Para kasing—"

"I am proud to present to you the new general manager of *Madrigal Enterprises*, and my son, Brandon Madrigal!"

Sabay silang napalingon ni Bea sa stage. Hindi nila napuna na nagsasalita na pala si Don Hector doon. Nasa likuran nito si Doña Amada na sinesenyasan silang tumayo habang pumapalakpak.

"Come on up here, son!" muling anyaya ng matandang lalaki. Hindi nakatiis, bumaba ito ng stage at sinundo ang anak. Sabay silang umakyat ng stage na mag-ama.

---

Sa gitna ng madaming tao sa function hall ay

hindi malaman ni Cherry kung saan ibabaling ang paningin. Gusto niyang magsisi sa pagpayag sa plano ni Gwen. Ngayon ay hindi na niya makita ang best friend, hindi pa niya makita ang target nila!

Dahan-dahan siyang naglakad sa gawi ng malaking pinto. Malapit na siya roon nang makaramdam siya ng matinding pananakit ng paa. Inis na nagtungo siya sa corridor at akmang aalisin ang sapatos nang maalala ang hawak na kopita.

Iyon ang kopita na nilagyan nila ng pampatulog ni Gwen. Ipapainom nila iyon dapat kay Oliver at kapag nakaramdam ito ng hilo, aakayin niya ito patungo sa getaway car nila. Dadalhin nila ang lalaki sa apartment nito, pahihigain sa kama, tatabi si Gwen bago ito magising, at presto! Mapipikot na ito ng kaibigan niya!

Noong una ay duda siya sa plano ng dalaga. Pero naisip niyang madali lang ang kanyang gagawin. Paiinumin lang niya ng alak si Oliver, tapos.

Pero ngayon ay kailangan iyong ibaba ni Cherry dahil talagang masakit na ang paa niya. Luminga siya sa paligid. Saktong may paparating na waiter na may dalang tray ng alak.

Nginitian niya ito. “Excuse me, puwede bang

pakihawakan muna itong baso ko? Aayusin ko lang ang sapatos ko."

"Yes, Ma'am." Kinuha nito ang baso.

Pagkatapos ayusin ang sapatos ay muli siyang humarap sa waiter.

"Thanks, ha? 'Yung baso ko."

Ibigay nito sa kanya ang isa sa mga basong nasa hawak nitong tray.

Bahagya siyang napangiwi. "Teka, ito din ba 'yung ibinigay ko sa'yo kanina?"

Napakamot sa batok ang lalaki. "Siguro, Ma'am."

Nagdududang tiningnan niya ang hawak nitong tray pagkatapos ay ang hawak niyang baso. Kinuha niya ang isang kopita na malapit sa gilid.

Nawiwirduhang tiningnan siya ng waiter saka umalis. Nag-make face siya sa likuran nito saka pumihit nang mabunggo ng dumadaang lalaki ang braso niya. Bahagyang natapon ang laman ng kopita.

"Ano ba?" pagtataray niya at tiningala ito. "Hindi ka ba—Oliver!"

Kumunot ang noo ng lalaki. "Cherry?"

Natutop niya ang bibig, sabay umiling. “Hindi. Hindi ako ‘yon.”

“Ano’ng ginagawa mo dito? Exclusive for company employees lang ang party na ito.”

Nakagat niya ang labi. Wala nang dahilan para magpalusot. Nakilala na siya nito.

Pilit siyang ngumiti at inalok ang halos wala nang lamang kopita. “Uhm… gusto mo?”

---

Kung ilang beses nang naikot ni Gwen ang function hall ay hindi niya alam. Ang alam niya ay napapagod na siya sa kaaalok ng tray na may lamang finger foods sa mga dumalo sa party at nahihilo na rin siya sa kahahanap kay Cherry.

Tumigil siya sa tabi ng fountain at ibinaba ang dalang tray. Inis na niluwangan niya ang bowtie at minasahe ang nangangalay na braso. Noon lang niya na-realize na mahirap talagang maging waiter.

Nagpahinga muna siya bago itinuloy ang ginagawa.

Nakailang ikot pa siya sa function hall, offering finger foods to the employees of *Madrigal Enterprises* bago siya nakaupo. Pagod na siya at nakakaramdam

na rin ng gutom. Palibhasa ay nagsisipagkainan na ang mga tao sa paligid nila.

“Teka, sandali,” tawag niya sa isang wine attendant na dumaraan. Tumigil naman ito. “Alam mo ba kung kailan tayo puwedeng kumain?” tanong ni Gwen.

“Mamaya pa sa shifting,” kunot-noong sagot nito. Mataman siyang pinagmamasdan.

“Mamaya pa?” eksaherado niyang ulit. “Pero gutom na ‘ko!”

“Babae ka ba?” nagdududa nitong tanong.

“Oo, babae ako.” Kumuha siya ng isang kopita mula sa tray nito. “May problema ba?”

“Bawal ‘yan.”

Umangat ang kilay niya. “Masama bang maging waiter?”

“Hindi ‘yon. Bawal kumuha ng drinks dito.”

Nang tingnan niya nang masama ang wine attendant, mabilis itong tumalikod.

Pagod na sumandal siya at mabining sinimsim ang laman ng kopita. Baka sakaling mapawi niyon kahit man lang ang uhaw niya.

Mayamaya ay tumayo na si Gwen. Kukunin na niya ang tray nang makaramdam ng hilo. Naitukod niya ang kamay sa pader.

Napahawak siya sa noo. Nahihilo talaga siya. Mukhang napasama ang alak sa tiyan niyang wala pang laman.

Kahit groggy ay pinilit niyang makalakad. Kailangan niyang magpunta sa ladies' room upang maghilamos.

Sa halip na rest room ay sa isang elevator na green ang pinto ang napasukan ni Gwen. Nasa loob na siya nang muling makaramdam ng matinding hilo. Sumandig siya sa pader. Mayamaya ay walang malay-tao na bumagsak siya sa carpeted na sahig.

# 3

Tapos na ang party. Nagsialisan na ang mga empleyado, maging ang may matataas na katungkulan sa kompanya.

"So tiring," ani Bea habang naglalakad sa basement parking kasama si Brandon. Ang mga magulang nila ay nauna nang umuwi dahil maaga pa ang flight ng mga ito bukas.

Hinawakan niya ito sa baywang. "Uuwi ka pa ba? Bakit hindi ka na lang sa penthouse magpahinga?"

"Sasama ako sa paghahatid kay Papa." Tiningala siya nito. "Susunod ka, hindi ba?"

Nagkibit siya ng balikat. "I don't know. Siguro kapag nagising ako nang maaga."

"Lazybones," anito at lumabi.

Mahigpit silang nagyakap nang makarating sa kinapaparadahan ng kotse ni Bea.

"Thanks for the support, sis."

"And congratulations, Brandon. Sa wakas, matatapos na rin ang maliligayang araw mo," anito

na nagbiro pa.

Umungol siya ng protesta. Pagkatapos ihatid ng tingin ang kotse ng kapatid, naglakad siya patungo sa private elevator na nasa basement.

Nasa second floor ang lift. Pinindot niya ang button at isinara ang mga mata habang minamasahe ang nananakit na batok. Nang bumukas ang pinto ay awtomatiko siyang humakbang papasok sa loob ng elevator.

Para lang mapasubasob sa carpet nang paghakbang niya ay maapakan ang isang hump sa sahig ng elevator.

"What the—" gulat niyang sambit at dagling tumayo.

Gilalas na pinagmasdan ni Brandon ang lalaking nakahiga sa sahig. Ang pagkagulat ay napalitan ng pagtataka na dagling napalitan ng iritasyon.

Private ang elevator na iyon. Walang puwedeng gumamit niyon maliban sa ilang top executives ng *Madrigal Enterprises* at ang pamilya nila.

Sino ang pangahas na lalaking ito at dito pa sa elevator naisipang matulog?

Bahagya niyang tinisod ng paa ang nakahigang

lalaki upang magising. Ni hindi iyon kumilos o umungol man lang.

*Baka patay na?* Kinilabutan si Brandon sa naisip at dagling lumuhod sa tabi nito. Pinakiramdaman niya ang pulso nito, at nakahinga siya nang maluwag nang maramdamang pumipintig iyon nang normal.

Bibitiwan na niya ang kamay ng lalaki nang matigilan siya. Muli niyang inangat iyon at pinagmasdan.

Maliit iyon, at nang damhin niya ay makinis at malambot. Iniharap niya ang mukha ng lalaki at nabaghan nang makilala kung sino iyon.

Ang waiter sa bar!

Parang napasong binitiwan niya ang kamay nito at umisod palayo. Diyata't may balak na masama sa kanya ang lalaking ito.

Pero wala itong kakilus-kilos. Mukhang wala ring malay-tao. Muli niya itong pinagmasdan at napakunot-noo nang may mapuna.

Pilas ang kalahati ng bigote nito.

Curious na hinawakan niya iyon at marahang inalis. Bahagyang umungol ang lalaki at bumiling ang mukha sa kanya.

He was a woman!

Pinindot ni Brandon ang close button ng elevator bago binuhat ang estranghera. Awtomatikong umakyat ang lift patungo sa penthouse. Pagdating doon ay inilatag niya ang katawan nito sa mahabang sofa.

Bahagya itong kumilos pero hindi nagising. Lumuhod ang binata sa harap nito at tila namamalikmatang tinitigan. Nakasuot man ito ng long-sleeved polo at slacks, hindi naitago niyon ang kurbada ng katawan nito kapag nakahiga. She was definitely a woman.

At hindi man niya aminin, tila may nabunot na malaking tinik sa kanyang dibdib.

So, that's why he was attracted to the 'waiter' all along, nasisiyahang sabi niya sa sarili. Babae pala talaga ito.

He wondered what happened to her. Paano itong napunta sa elevator? Sa hitsura nito, mukhang natumba lang ito sa loob.

Was she drunk? Or was she drugged?

Inilapit niya ang mukha sa labi nito. May kaunting amoy ng alak, but very faint.

Napaigtad siya nang biglang may tumunog. Mukhang nanggagaling sa babae. Sa takot na magising ito ay kinapa niya ang pantalon nito at mabilis na pinutol ang tawag.

Nakahinga siya nang maluwag at pinagmasdan ang maliit na telepono.

Muntik na niya iyong mabitiwan nang biglang mag-vibrate at mag-anunsyo ng mensahe.

Out of curiosity ay binasa niya iyon. Galing sa isang Cherry ang mensahe:

*Bruha, nsan k n? Kasama q n c Oliver.*

Na sinundan pa ulit ng isa:

*Bat d mo snsgot ang cp mo? Nd2 na kmi s aprtmnt ni Ver. Wat's d nxt move?*

Nakaapat pa itong mensahe na panay ang tanong kung ano ang gagawin nito. At ang huli ay nagsabing iiwan na nito si Oliver sa apartment nito.

Nagdududang tiningnan niya ang babae. Sino ba talaga ito at ano ang ginagawa nito sa party kanina? Siguradong hindi ito empleyado ng kompanya. Kung sakali man ay bakit ito magpapanggap na waiter?

And who the hell was Oliver?

Ginalugad niya ang mga bulsa ng pantalon nito, pero wala na siyang makita pang iba pang bagay na pagmamamay-ari nito maliban sa cellphone at sa isang susi ng kotse.

Umupo siya sa center table at matiim itong tiningnan. Siguro ay kailangan pa niyang maghintay na magising ang babae.

Ano na nga ba ang pangalan na ibinigay nito kanina sa kanya?

Glen?

Napangiti si Brandon.

---

Ang ingay ng lumalagaslas na tubig ang gumising sa natutulog na diwa ni Gwen. Bahagya niyang idinilat ang namimigat pang mga mata at sumilip sa bintana.

Hindi umuulan sa labas. Katunayan ay mataas na ang sikat ng araw.

She murmured something and closed her eyes. Kinapa niya ang stuffed version ni *Tigger* na palagi niyang katabi sa pagtulog. Unan ang nahagilap niya.

Napadilat siya. Hindi pamilyar ang kama,

maging ang unan. At nang ilibot niya ang paningin ay na-realize niyang lalong hindi pamilyar sa kanya ang kuwarto.

Napabalikwas siya ng bangon. Saka lang niya naalala ang nangyari.

Nandoon sila ni Cherry sa party. Paiinumin nito si Oliver ng alak na hinaluan ng pampatulog…

Si Oliver! Tuluyan siyang napabangon at tumayo sa tabi ng kama.

Ano ang nangyari? Nasaan na siya? At nasaan si Oliver?

Muli niyang iginala ang paningin sa silid. Hindi iyon ang kuwarto ni Oliver sa apartment nito. This room was too big and too luxurious. Simple lang ang bedroom ng dating kasintahan.

Nasa hotel kaya sila? Sa laki at gara ng silid na iyon, malamang nga. Tumingin siya sa bintana. Building ang nakita niya. Lalo siyang nakumbinsi na nasa loob siya ng isang hotel room.

Pero bakit dito? At nasaan si Cherry? Bakit hindi niya maalala na pumunta sila roon?

"Hey, gising ka na pala."

Wala sa sariling lumingon siya. Isang lalaki, nakatapis lang ng tuwalya at basa pa ang buhok, ang nakatingin sa kanya.

Pumuno sa malaking silid ang malakas na tili ni Gwen.

---

"Teka, Miss! Huwag kang sumigaw!" Hindi malaman ni Brandon kung paano aawatin ang babae na patuloy sa pagtili.

Umakma siyang lalapitan ito pero lalo lamang lumakas ang tili nito.

"Okay, okay! Hindi ako lalapit. See, lalayo pa ako." Humakbang siya palayo.

Tumigil ito sa pagsigaw pero nakakamatay naman ang tingin na ipinukol sa kanya.

"Sino ka? At ano ang ginagawa mo dito?" nag-aakusang tanong nito.

"I'm Brandon Madrigal," iritado niyang sagot. "At nandito ako dahil sa akin ang penthouse na ito."

Nanlaki ang mga mata ng babae. "Penthouse? Hindi ba ito hotel room?"

Umiling siya. "No, and stop acting like I'm going

to rape you because I won't."

Pinasadahan siya nito ng tingin na tila hindi naniniwala.

"Katatapos ko lang mag-shower, ano'ng ini-expect mong suot ko? Pasalamat ka pa nga at naka-towel pa ako…"

Humakbang siya palapit sa kama. Mabilis na lumayo si Gwen sa tabi ng higaan. Mahinang umungol si Brandon at inabot ang robe na nakasabit sa headboard.

"Nasaan si Oliver?" mayamaya ay tanong nito.

Hindi sumagot si Brandon. Isinuot niya ang robe at lumabas ng kuwarto.

Napatingin siya sa wall clock; alas onse na ng umaga. Nakalipad na patungong States ang mga magulang.

Dumerecho siya sa kitchen at naghagilap ng makakain sa loob ng fridge.

"Nasaan na si Oliver?" ulit ng dalaga na sumunod pala sa kanya sa kusina.

Inignora niya ito. Isa-isa niyang inilabas ang mga leftover food sa loob ng refrigerator.

Mula sa likuran niya ay may kumalabit sa kanya. "Ano ba? Tinatanong kita!"

Iritadong nilingon niya ito. Dahil maliit lang ang espasyo sa pagitan nila ay halos magkabungguan na silang dalawa.

Napaurong ang dalaga at napalunok.

Si Brandon ay bahagyang natigilan pero muling naningkit ang mga mata.

"Bakit ba tanong ka nang tanong? Dapat ako nga ang magtanong kung paano kang nakatulog sa loob ng elevator," sita niya.

"Hoy! Huwag mo nga akong sigawan! Tumatalsik ang laway mo sa mukha ko!"

"*Ikaw* ang huwag sumigaw!" balik-bulyaw ng binata. "Ni hindi ka pa nga nagsesepilyo!"

---

Napamaang si Gwen. Hindi lang dahil sa malakas na bulyaw ng lalaki kundi dahil ngayon niya lang napansin na pamilyar ito sa kanya.

*Ito 'yung weird na lalaki sa loob ng bar!*

Natigilan siya nang makitang titig na titig ito sa kanya.

Bumaba ang tingin ng lalaki sa nakaawang niyang labi. Awtomatikong naitakip niya ang palad sa bibig.

"Eh, ano kung hindi pa ako nagsesepilyo? Hindi ako bad breath, 'no!" sabi niya habang nakatakip pa rin ang kamay sa bibig.

"Bakit tinatakpan mo ang bibig mo?" hamon nito.

Iningusan lang ito ni Gwen at mabilis na lumayo.

"Wala akong natatandaan na nakatulog ako sa elevator," aniya pagkaraan ng ilang sandali. Pinapanood niya ang binata na parang asong inaamoy ang mga pagkain sa *Tupperware*.

"I don't think you fell asleep. Palagay ko ay nawalan ka ng malay."

Kumunot ang noo niya. Nawalan ng malay?

Noon niya naalala ang ginawang pag-inom ng alak. Pero isang shot lang iyon at hindi naman iyon ang unang pagkakataon na nakatikim siya ng hard drink.

"Huwag mo akong tingnan ng ganyan," saway ni Brandon nang makitang nakatingin siya rito. "Hindi ko alam kung saan ka nakatira kaya dito muna kita

dinala sa penthouse."

Nalilito pa rin ang dalaga. Paano siyang nakatulog sa isang shot lang ng alak? At ano ang nangyari kay Cherry?

Si Cherry! Kinapa niya ang pantalon.

"Nasa living room ang cellphone mo. Sa center table," sabi ng lalaki.

Nakita na niya ang mga tawag at messages ng kaibigan. Gusto niyang batukan ang sarili. Siya na lang ang hinihintay sa plano nila, siya pa itong nawala!

Tinawagan niya ang numero nito at napaungol nang makailang ring ay namatay ang cellphone dahil naubusan na ng karga ang battery.

Luminga siya. Nakita niya ang cordless phone at walang paalam na nag-dial. Ilang saglit pa at nasa kabilang linya na ang kaibigan.

"Bruha ka!" tili nito. "Saan ka ba nagpunta? Minadaling araw ako sa kahihintay sa 'yo!"

"Sorry, Cher. Mahirap ipaliwanag. Ano'ng nangyari kay Oliver?"

"Ayun! Iniwan kong nakatiwangwang at lasing

sa kama niya!" patuloy ito sa pagtili.

Nailayo niya ang phone sa tainga. Muntik na niyang mabitiwan ang receiver nang makita si Brandon na nakasandig sa hamba ng pinto at nakatingin sa kanya.

"Cher, tatawagan na lang kita ulit mamaya. Lasing na lasing ba si Ver?"

"Oo naman. Knockout siya kagabi sa dami ng pinainom ko. Nasaan ka ba—"

Kagat-labing ibinaba niya ang phone. Siguradong talak ang aabutin niya kay Cherry kapag nagkita na sila.

Hinarap niya si Brandon na nakatingin pa rin sa kanya.

"Salamat sa pagtulong mo sa akin. Aalis na ako."

Nagmamadaling tinungo ni Gwen ang pinto at binuksan iyon. Dederecho na sana siya sa elevator, pero maagap na nahawakan ng lalaki ang kamay niya. Napapitlag siya.

"Ano ba? Bitiwan mo nga ako!" angil niya.

"Hindi ko pa alam ang pangalan mo."

"Bakit gusto mong malaman?" naghihinalang

tanong niya. Ngumisi si Brandon.

"Just in case na may mawala dito, alam ko na kung sino ang hahanapin."

Kung puwede lang ay talagang umusok na ang bumbunan niya. Pumiksi siya pero ni hindi ito natinag.

"Gwendolyn Lozano! Contact number at address ko baka gusto mo na ring kunin?"

"Hindi na kailangan. Nakuha ko na sa phone mo."

Gusto nang umusok ng ilong ni Gwen. Pero bago pa siya makapagsalita ay may narinig silang tunog.

Sabay silang napalingon sa elevator.

At sabay ring nanlaki ang mga mata ng tatlong tao na lumabas mula roon. Kasabay niyon ay pumailanlang sa buong penthouse ang isang matinis na boses.

"Brandon, hijo!"

# 4

Parehong natuod sa kinatatayuan sina Gwen at Brandon. Mahigpit na hawak pa rin ng lalaki ang kanyang kamay at pakiramdam niya ay mababali na iyon.

Unang nakabawi sa gulat si Brandon.

“Ma, bakit kayo nandito? Akala ko ay maaga ang flight ninyo?”

Tila hindi iyon narinig ni Doña Amada dahil nakatutok ang mga mata nito kay Gwen.

“Sino ang babaeng iyan, Brandon?” tanong nito sa tinig na pilit pinakakalma.

“At bakit siya nandito sa penthouse?” segunda ni Bea na bagaman mas mahinahon ang boses kaysa sa ina ay walang kurap ding nakatitig sa dalagang katabi ng kapatid.

Hindi mapakaling humakbang si Brandon. Nakalimutan nitong hawak pa rin ang kamay ni Gwen na ngayon ay natatangay sa ginagawang paghakbang nito.

Noong una ay nagpapatangay lang siya pero

nang makailang ulit na ay pumiksi siya.

“Ano ba? Bitiwan mo na nga ako! Kanina ka pa, ah!”

Gulat na nilingon siya nito. Tila noon lang naalala na hawak pa rin siya.

Pero kung nagulat man ang binata, mas nagulat sina Doña Amada at Beatrice. Natutop ng matandang babae ang bibig. Si Bea ay napaawang ang mga labi.

Kumunot ang noo ni Brandon nang bumaling sa mga ito. “What?”

“She snapped at you,” halos pabulong na sabi ng ina.

Lalong lumalim ang gatla sa noo nito. “So?”

“This must be something *deep*.” In-emphasize pa ni Bea ang huling salita.

Nakita ni Gwen na tila lalong naguguluhan si Brandon at ang dalawang babae sa nangyayari kaya sinamantala niya iyon. Dahan-dahan siyang umusad patungo sa elevator. Pero hindi pa man siya nakakaabot doon ay may humawak muli sa braso niya.

“Palagay ko’y kailangan nating pag-usapan ito,”

singit ni Don Hector. Hindi tulad ng mahigpit na hawak ni Brandon, magaan ang kamay nito ngunit naroon ang kontrol. Alam ni Gwen na hindi siya makakawala rito tangkain man niyang pumiglas.

---

Natagpuan ulit ni Gwen ang sarili na nasa sala ng penthouse. Nasa magkabilang gilid niya ang dalawang babae at animo preso siyang anumang oras ay tatakas dahil hawak ng nakababatang babae ang braso niya. Ang dalawang lalaki ay naupo sa separate na single sofa.

Pag-upo ng matandang lalaki ay nagsalita ito.

“Kayo ba nitong anak ko ay nagkakaintindihan?” anito sa tinig na mas nangungumpirma kaysa nagtatanong.

“Nagkakaintindihan?” ulit niya. Wala siyang maintindihan, sa totoo lang.

“Pa,” singit ni Brandon, “hindi ninyo naiintindihan.”

“Hayaan mo kaming mag-usap, Brandon.” Mahinahon ang boses nito ngunit naroon ang awtoridad. Muli itong bumaling kay Gwen.

Napalunok ang dalaga. Naghihintay ang

matandang lalaki ng sagot at hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Sinulyapan niya ang dalawang babae sa tabi niya. Matiim na nakatingin ang mga ito sa kanya.

"Uhm…" umpisa niya at lumunok. "Isa po itong misunderstanding."

"That explains the 'snapping' part," tumangu-tangong saad ni Doña Amada. "I thought you two were having a fight."

"We were not fighting," sabat ni Brandon. "Paalis na siya at pinigilan ko lang kaya—"

Sabay na napalingon dito sina Doña Amada at Bea. "Pinipigilan mo siya?" sabay ring bulalas ng mga ito.

"Yes. Gusto na niyang umuwi—"

"At ayaw mo pa siyang pauwiin?" nakaarko ang kilay na tanong ng ina. Nilingon nito si Gwen na mukhang tuliro at hinagod ng tingin. "I don't see why not. Suot pa niya ang damit mo."

Napailing siya. "Hindi—"

"Where are your clothes?" usisa ni Bea.

"Ito ang damit ko mula pa kagabi," sagot niya.

Huli na nang maisip niya ang konotasyon ng sariling salita.

Isang ungol ang lumabas sa bibig ni Doña Amada. Si Don Hector ay tumayo at tinungo ang glass wall kung saan kita ang mga kalapit na buildings.

"I thought so," tumatangong sabi ni Beatrice. "This is something deep."

Napatayo si Brandon. "Hindi ito tulad ng iniisip ninyo."

"At ano ang gusto mong isipin namin?" anang kapatid. "You never take your women in the penthouse, Bran."

Nanlaki ang mga mata ni Gwen. "Women?"

"Sa condo mo dinadala ang mga girlfriends mo," patuloy ni Bea na hindi pinansin ang pagsinghap ng dalaga.

"How did you get to know that, anyway?" sarkastikong tanong ni Brandon.

"The penthouse has always been your resting place. Para dalhin ang isang babae dito ay may ibang ibig sabihin," makahulugang hayag nito.

"That's rubbish!" kontra ng binata.

"It's not!"

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Gwen sa magkapatid na parang mga batang nagtatalo. Halos naiintindihan na niya ang nangyayari at akmang sisingit sana siya sa usapan nang biglang humarap sa kanila si Don Hector.

"Tama na iyan," saway nito. Ngunit wala sa mukha nito ang iritasyon na inaasahan niyang makita. Sa halip ay may kislap siyang nababanaag sa mga mata nito.

Sa di-malamang kadahilanan, bigla siyang kinabahan. Nang tumingin ito sa kanya ay lalong kinabog ang dibdib niya.

"What's your name, hija?" masuyo nitong tanong.

"G-Gwen…" nauutal niyang sagot.

"Gwen. I like your name." Ngumiti ito at bumaling kay Brandon. "Hijo, gusto kong pakasalan mo si Gwen sa lalong madaling panahon."

Muntik na siyang mahulog sa upuan.

---

Sunud-sunod na pag-iling ang ginawa ni

Gwendolyn. Gusto niyang magsalita pero di niya magawa.

Nakita marahil ang gulat na bumadha sa mukha niya, lumapit si Don Hector at tinapik siya sa balikat. "Alam kong nagulat ka, hija," anito. "Pinapangalagaan ko lang ang pangalan mo."

Gusto niyang isigaw na wala itong naiintindihan. Na ang lahat ng iyon ay pagkakamali. Pero tila nalunok niya ang kanyang dila, hindi siya makapagsalita.

Si Brandon ang unang nakabawi sa pagkabigla.

"Pa, this is not what you think it is."

Tiningnan ito nang pailalim ng ama. "You've been playing around too long, son. I guess it's time for you to settle down."

"That's rubbish!" sigaw nito.

"At ano sa palagay mo ang ginagawa mo sa loob ng maraming taon? Breaking all those women's hearts?"

Sa wakas ay nakabawi rin ang mag-ina sa pagkabigla. Nilapitan ni Doña Amada ang asawa at si Bea ay tumabi sa kapatid.

"Hector, baka nabibigla ka lang. Your son is not

yet ready to get married," salungat ng ginang.

"When will he be ready? He's thirty–three, for goodness' sake!" napapantastikuhang saad ni Don Hector.

Nag-aalalang hinaplos ng matandang babae ang dibdib ng asawa. "Huwag kang sumigaw. Ang puso mo."

Huminga ito nang malalim. "I know. I'm sorry."

Tumalikod ito at muling humarap sa mga buildings. Sunod-sunod ang paghinga nito nang malalim na tila pinapagluwag ang dibdib.

"Huwag mong galitin ang Papa, Brandon," ani Bea. "You know it's not good for him."

"Alam ko," anang binata sa boses na pigil ang muling pagtaas ng tinig. "But this is too much!"

Nakatingin lang si Gwen sa mga ito. Pero tumatatak sa isip niya ang ibig sabihin ng mga nangyayari.

Napatayo siya. Pero muli ay naunahan ni Don Hector.

"Stay where you are, hija," utos nito sa mahinahong boses. At tulad kanina, wala siyang

lakas para tumanggi. Pero nanatili siyang nakatayo at nakatingin dito.

Sinalubong nito ang naniningkit na mga mata ni Brandon.

"I'm not getting any younger, son. Gusto kong maabutan ang aking mga apo, play with them, go to the park with them, spoil them rotten…"

Derecho itong tumingin sa anak. "You're not getting any younger, too. Gusto kong masiguro na habang nagpapaopera ako ay nasa mabuti kayong lagay ni Beatrice. I want to make sure that you're settled and happy. Get married, have kids. Just that. Could you do that for me, son?"

Tumiim ang mga bagang ni Brandon. "This is blackmail, Pa, and you damn know that!"

"That's my death wish."

Napasinghap si Doña Amada at natutop ang dibdib. Kaagad itong kumapit sa braso ng asawa.

"Hector, don't say that."

"You're unfair," Brandon grunted.

"Then I'll have that operation with a faint heart." Tumalikod ang matandang lalaki at naglakad

patungo sa pinto. Bago ito lumabas ay tinapik nito ang balikat ni Gwen.

Nang makaalis ang mga magulang ay galit na nagtungo si Brandon sa silid nito.

Napasunod dito ang kapatid. “Brandon, wait!”

Naiwan si Gwen na naguguluhan pa rin sa mga pangyayari. Mayamaya tumayo na rin siya at lumabas ng building na iyon.

# 5

"Next week na ang flight namin ng mama mo. I wouldn't be able to attend the board meeting."

"Everything will be all right, Pa," paniniyak ni Brandon.

May sakit sa puso si Don Hector. Kailangan nito ng open-heart operation. Kahit puwedeng isagawa ang operasyon sa Pilipinas, mas pinili ng pamilya na sa States mag-undergo ng surgery ang matandang lalaki.

Isang linggo pagkatapos ng insidente sa penthouse, pumayag na rin itong magpaopera. Hindi na rin ito nagbabanggit ng tungkol sa nangyari. Bumalik na rin ito sa dati nitong sigla.

Everything was back to normal.

"The board won't be easy on you, son. Lalo na si Marcelo. He's been dreaming a change of management eversince he set foot on the company."

"He'll keep on dreaming," confident na sabi niya.

"Just watch your back, son," paalala pa ng ama.

Pagkatapos ng almusal ay dumerecho na ang binata sa opisina. Siya ang tatayong pansamantalang kahalili ni Don Hector bilang chairman ng *Madrigal Enterprises* hanggang sa magdesisyon ang board kung siya na talaga ang papalit sa ama o hindi.

Binati niya si Hilda na sekretarya ng kanyang papa for thirty years now. Hindi matatawaran ang loyalty nito sa kompanya at sa kanilang pamilya.

"May dumating na package para sa 'yo. Ipinatong ko sa ibabaw ng desk mo," anang cincuenta años na babae. "May kape na rin sa percolator kung gusto mong magkape. At siyanga pala," at may iniabot sa kanya, "baka kay Beatrice ang hikaw na iyan. Nakita ko iyan kanina sa basement."

"Thanks, Tita Hilda," nakangiting sabi niya. Kinuha niya ang hikaw ng kapatid.

Pagkalapag ng attaché case sa executive table ay dumerecho siya sa counter na pinapatungan ng percolator at nagsalin ng kape sa isang mug. Hawak ang mug ng mainit na likido ay kinuha niya ang package at binuksan.

Napaangat ang ulo ni Hilda sa ginagawa nitong pag-aayos ng mga papeles sa folder nang makarinig ng nabasag na bagay sa loob ng opisina ni Brandon.

Hindi pa man ito nakakatayo ay lumabas na ang lalaki. May maitim na mantsa ang harap ng polo nito. Sa kamay niya ay mahigpit na hawak ang isang small brown envelope.

"Kanino galing ang package?" usisa niya.

"Hindi ko alam," sagot ng matandang dalaga. "Inabot lang iyan ng messenger kanina."

"Ipatawag ninyo ang messenger. Sabihin ninyong gusto ko siyang makausap." Iyon lang at mabilis na siyang nakabalik sa loob ng opisina niya.

Madilim ang mukhang pinulot niya ang laman ng envelope na nalaglag kanina kasama ng mug ng kape. May mantsa na iyon pero malinaw pa rin niyang nakikita ang larawan.

Tiningnan niya ang hawak na note.

*Check the bulletin board.*

Sa dulo ay may smiley pa. Nalamukos niya ang note.

Kanina ay tiningnan niya ang bulletin board. Walang naka-post doon na kakaiba.

Tuso ang nagpadala niyon. Walang araw o date. Hindi niya malalaman kung kailan maaaring i-post

ang pictures sa bulletin board o sa company website.

Sinulyapan niya ang pictures. Kuha iyon sa elevator. Tumagal ang titig niya sa isa pang taong nasa larawan.

Muling nagtagis ang mga bagang ni Brandon. Kinuha niya ang telepono at tinawagan ang numerong naging pamilyar na kanya.

---

Ibinagsak ni Brandon ang brown envelope sa harap ni Gwen.

"Buksan mo," utos nito. Alanganing kinuha niya ang envelope at inilabas ang laman niyon.

Pictures ang nakita niya. Noong una ay hindi niya alam kung ano ang kakaiba sa mga larawan. Pero mayamaya ay natutop niya ang bibig.

"Tayong dalawa ito, ah!" bulalas niya. "Except that I don't look like myself…" Nagusot ang ilong niya. "I look fat!"

"Sabihin mo kung ano ang kailangan mo kapalit ng mga pictures na iyan."

Tiningala niya ang lalaki. "Ha?"

"I know you want something. Pera ba? Magkano?"

Naglabas ito ng checkbook. “One hundred thousand, tama na ba iyon?”

“Hindi ko maintin—” Natigilan si Gwen, kasunod ang paniningkit ng mga mata. “Pinagbibintangan mo ba ako?”

“Two hundred thousand…”

“Hindi ako ang nagpalabas ng mga pictures na ito!”

“Five hundred thou—”

Napatayo ang dalaga at sinampal ito. Nahulog ang fountain pen ni Brandon sa sahig nang mabitiwan nito iyon nang lumagapak ang palad niya sa pisngi nito. How dare he accuse her of extortion!

Nagtuos ang mga mata nila; parehong galit, parehong palaban.

Pero kahit namumula sa galit, hind niya maiwasang punahin ang mga mata ng binata.

His eyes were black as coal. Kulang na lang ay mag-apoy ang mga ito. Mahahaba ang pilikmata para sa isang lalaki at makakapal ang kilay nitong magkasalubong.

Gwen had the biggest feeling that if circumstances

were different, she would have like to see his eyes blaze, not with fury but with sheer, searing passion.

“Bakit ba sa tuwing magkikita tayo ay pulos problema ang dala mo?” pukaw nito.

“Hindi ako ang may dala ng problema kundi ikaw!” pagtatama niya. “Tahimik ang mundo ko kanina sa shop ‘tapos bigla kang tumawag.”

Ang totoo ay hindi masyadong tahimik ang mundo niya, amin ni Gwen sa sarili. Mula nang una silang magkita ay ginulo na ng lalaking ito ang isip niya.

“Kung hindi talaga ikaw ang may kagagawan, tulungan mo akong ayusin ang gulong ito.”

Napakurap siya. Hindi na galit ang mga mata ni Brandon pero sinlamig naman ng yelo ang titig nito sa kanya.

“Paano?” tanong niya.

“Pose as my fiancée,” derechong sagot ng lalaki.

“Baliw ka ba?” maang niyang tanong. “Ako, magpapanggap na girlfriend mo?” turo niya sa sarili. “No way!”

Dumilim ang mukha nito sa outright rejection

niya. "Ikaw ang nagpasimula nito. Kung hindi ka natulog sa elevator ay hindi mangyayari ito."

"Kasalanan ko ba 'yon? Ni hindi ko nga natatandaan kung paano akong napunta doon."

"I don't care. Ikaw ang nagsimula ng problema. Kailangan mong panagutan ang pagkakamali mo."

Umawang ang mga labi ng dalaga para magsalita pero walang lumabas na protesta. Itinikom na lang niya ang bibig saka ito iningusan.

Aaminin niyang may point si Brandon. Siya ang nagpasimula ng gulo. Kung hindi siya nagpunta sa party, malamang hindi nagkrus ang landas nilang dalawa.

Pero hindi naman siya makakapayag na malubog siya sa kasalanan. Malay ba niya kung paano siya napunta sa elevator? At kung tutuusin, wala siyang pakialam kung ikalat man ang mga pictures na iyon. Tutal, si Brandon lang ang makikilala dahil walang mag-aakala na siya iyon dahil nakabihis siya ng panlalaki.

*Teka lang,* napaisip siya. Nakabihis siya ng panlalaki…

"Mapagkakamalan kang gay!" bulalas niya.

Ang cool na mukha ni Brandon ay nabahiran ng iritasyon. “Ilalabas ang pictures sa bulletin board. Kailangan mong lumabas at magpakilala na ikaw ang taong kasama ko sa mga larawan. That way, maki-clear ang pangalan ko.”

“Bakit ka ba kasi bina-blackmail? Siguro marami kang kaaway, ‘no!”

He eyed her wearily. “I really don’t have to explain everything to you, do I?”

“Bakit hindi?” kulit niya. “Ayokong pumayag, malabo para sa akin ang gusto mong mangyari. Kailangang ipaliwanag mo.”

“You will understand eventually.”

“Pag-iisipan ko muna.”

Frustrated na nasuklay nito ng mga daliri ng kamay ang buhok. “Hindi ako nakikiusap. Obligasyon mong tulungan akong ayusin ang gusot na ito.”

“Basta pag-iisipan ko muna,” giit niya.

Brandon relented. “All right. Pero isang araw lang. I need an answer tomorrow.”

---

“Paano nangyari ito?” naguguluhang tanong

ni Beatrice. Tinawagan ito ni Brandon pagkatapos makipag-usap kay Gwen.

"I don't know," sagot ng binata sa parehong tono. "Of course someone took the pictures at pina-develop…"

"At ni hindi mo man lang naramdaman?" his sister asked incredulously. "Brandon, how could you be so careless?"

"I was drunk," depensa niya sa sarili though he had to admit that he was really careless.

"Not too drunk to be disoriented," she retorted. "At sino itong lalaking ito?" turo nito sa kasama niya sa litrato.

"I told you, she's a woman," iritadong sambit niya. Hindi niya gusto ang tono ng nakatatandang kapatid.

"Yeah, everybody sees that," sarkastikong tugon nito na sumulyap sa kanya. Ibinalik nito ang atensyon sa litrato. "So who's she? Sa suot niya'y mukhang isa siya sa mga crew ng catering service."

Bumuntong-hininga siya. "That's Gwen."

Lumalim ang gatla sa noo ni Beatrice. "Gwen? 'Yung babaeng kasama mo sa penthouse?"

Tumango siya. Sinimulan niyang ikuwento ang buong pangyayari hanggang sa pag-uusap nila ni Gwen.

“I thought she’s your girlfriend,” naguguluhang saad nito. “Tutulungan ka daw ba niya?”

“I don’t know.” Ngayon ay depressed na ang tono ng boses ni Brandon.

“Bukas ay maaaring nasa bulletin board ang mga pictures na ito,” paalala ng kapatid.

Nasuklay niya ng kamay ang buhok. “Tini-trace ko na kung saan galing ang package pero matatagalan pa bago malaman kung saan ipina-develop ang pictures dahil walang brand ang papel. Ni wala akong ideya kung sino ang gumawa nito.” Nasuntok niya ang mesa.

Tinitigan siya ni Beatrice. “Do you think may kinalaman ang nalalapit na board meeting sa bagay na ito?” Iwinagayway pa nito sa ere ang mga litrato.

“’Yan din ang naiisip ko pero wala akong ebidensya. I’m a blind man here.”

“Ang ikinatatakot ko ay baka makarating pa kina Papa ang nangyayari,” nag-aalalang turan nito.

Nagngalit ang mga bagang ni Brandon. “I swear,

mananagot sa akin nang malaki ang taong iyon."

Tinapik nito ang kamay niya. "Let's just hope na pumayag si Gwen sa proposition mo."

Tumango siya kahit halos hindi na naririnig ang kapatid. If only he had enough time… Pero masyadong tuso ang taong gustong manira sa pangalan niya.

"Kapag pumayag si Gwen, ano'ng gagawin mo?"

"Sa oras na lumabas ang mga larawan saka lalabas si Gwen at magpapakilala na siya ang kasama ko sa pictures. We'll devise a story at ipo-post iyon sa bulletin."

Tumangu-tango si Beatrice, pagkuwa'y tinitigan siya. "I have a better idea."

"What?"

Makahulugang ngumiti ang kapatid.

---

Nakapagdesisyon na si Gwen.

Dalawa ang dahilan kung bakit siya papayag sa proposition ni Brandon na magpanggap bilang fiancée nito.

Una, dahil nakokonsyensya siya at nagkaproblema ang binata dahil sa kanya. Tinatanggap niyang siya ang may kasalanan sa nangyari.

Ang pangalawang dahilan ay si Oliver. Nagtatrabaho ito sa *Madrigal Enterprises* bilang marketing assistant. When she came to her senses, saka lang niya lubusang naintindihan ang lahat ng sinabi nito noong huling beses silang nagkausap.

At si Brandon ay isang executive sa kompanya; in fact, anak ito ng may-ari. Nang maisip niya ang pangalawang dahilan, tila may biglang nasindihang ilaw sa ibabaw ng ulo ni Gwen.

Pagkakataon na niya para ituloy ang napurnada niyang plano. May pagbabago nga lang. Kung noon ay pamimikot ang kanyang balak, ngayon ay ipaghihiganti niya ang nasaktang damdamin.

Pagkatapos ng mahabang pag-iisip, nagpasya na siya.

Kinabukasan ay nakatanggap siya ng message tulad ng sinabi ni Brandon. Magkikita sila sa isang restaurant.

Nakaplano na sa isip niya ang lahat. Memorized na rin niya ang sasabihin sa binata.

Pero pagdating niya sa kanilang meeting place, hindi niya inaasahan na may kasama ito.

“Hi!” bati ng babae at inilahad ang kamay. “Nagkita na tayo sa penthouse but we weren’t introduced. I’m Beatrice, Brandon’s sister.”

Tinanggap niya ang kamay nito at naupo sa katapat na upuan. Kaharap niya ang dalawa.

Hindi maipagkakailang magkapatid ang mga ito. Halos pareho sila ng features maliban sa skin coloring. Maputi si Beatrice samantalang halos kulay bronze na si Brandon. But they had the same black eyes.

“Do you mind kung kasama ako sa pag-uusap ninyo ng kapatid ko?” tanong nito. Umiling lang si Gwen. May pakiramdam siya na mananatili pa rin ito kung iba ang isagot niya.

Noon niya sinalubong ang mga mata ng binata. Hindi niya alam kung bakit bigla siyang na-conscious.

“Ano’ng desisyon mo?” walang ligoy na tanong nito.

Napalunok si Gwen. *Heto na,* sabi niya sa sarili. *Wala nang urungan ito.*

“Bakit ba masyado kayong nagmamadaling

dalawa?" singit ni Beatrice. "Kumain muna tayo. Kaya nga tayo nandito ay para—"

"Pumapayag ako," walang gatol niyang sagot. Natigil sa pagsasalita si Bea.

Huminga siya nang malalim, derechong tumingin sa lalaki. "Pumapayag na akong magpanggap na fiancée mo. Pero may ilan akong—"

"Good," putol ng binata. "Pero iba na ang papel na kailangan mong gampanan ngayon."

Litong pinaglipat niya ang tingin sa magkapatid. Determinado ang mukha ng lalaki habang nakangiti lang at naghihintay ang hitsura ni Beatrice. Bigla siyang kinabahan.

Matiim siyang tiningnan ni Brandon. "Ngayong pumayag ka nang magpanggap na fiancée ko, gusto kong ipa-press release ang engagement natin."

Napaawang ang labi ni Gwen. "Ano?"